

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

ANO ANG MANGYAYARI SA MGA ALAGANG HAYOP?

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～ペットはどうなるの？～

Sa naganap na HANSHIN AWAJI DAISHINSAI at NIIGATA CHUUETSU JISHIN, ang pagdala at pagsama ng mga alagang hayop sa evacuation center ay may iba-ibang pamamaraan ipinatupad. Karamihan sa mga nag-evacuate na may pet o alagang hayop tulad ng aso, pusa at iba pa ay piniling magtayo ng tent sa mga corridor ng evacuation center at ground ng paaralan para doon manuluyan kasama ang kanilang mga pet. Mayroon din pansamantalang namalagi sa loob ng kanilang mga sasakyan. Samantala mayroong mga alagang hayop na ipinamigay at mayroon ding naghahanap sa nawawala nilang pet.

Mayroon ding samahan ukol sa mga hayop ang naglaan ng serbisyo upang pansamantalang maalagaan ang mga hayop sa labas ng evacuation center o laang pasilidad para sa mga hayop. May mga veterenarian din na naglaan ng libreng pagpapayo para sa kalusugan at pagpapatingin sa mga pet. Mayroon ding mga enterprises ang nagdonasyon ng mga pet food, toilet sheets at iba pang materyal.

Sa oras ng mga disaster, may mga posibilidad na mawala o maligaw ang inyong mga pet. Kaya mas mainam na kabitan n'yo po ng name tag ang collar o belt sa leeg ng mga pet. Isaad rin sa name tag ang edad, history ng sakit, kung meron o wala pang bakuna sa vaccine at ilang identity ng pet.

Samantala, kung dadalhin ang pet sa evacuation center, dapat na isaisip rin natin na ang evacuation center ay pampublikong lugar. May mga taong hindi gusto ang mga hayop o merong may mga allergic dito. Mas mainam na sanayin ang pet lalo na ang mga kaliliit na aso o pusa na pwedeng mamalagi sa loob ng cage o carrying bag. Kung malaking hayop tulad ng aso naman, mahalagang i-training ito na susunod sa utos ng tagapag-alaga.

Maghanda rin ng mga emergency goods para sa mga pet. Maglaan ng hiyang na pet food at inumin sa container na tatagal sa may isang linggo.

Para sa matiwasay na paglilikas, ihanda palagi ang mga lead, collar, cage o carrying bag at iba pa ng mga pet. Sa bawat isang pet ay isang set ang ihanda.

Maghanda rin ng mga kagamitan para sa mga pagkakataong masugatan ang pet. Ihanda ang mga gamot na pang- disinfectant at pantigil sa suppurate, gauze, bandage, gamot para sa isang linngo na iniinom ng pet kung ito ay may chronic na sakit.

Para sa mga emergency goods na kakailanganin, mangyaring pagsamahing maglaan ng spare ng collar, lead, tali, net para sa pusa, sand toilet (kaunti lang), pet sheets o lumang diyaryo, towel at iba pa.